Privacy

Pagkapribado

Mangangalap lamang kami ng personal na impormasyon mula sa iyo kung batid mo ito at sinang-ayunan.

Kami ay:

- Magpapaliwanag kung ano ang kailangan namin at bakit, bago kami humingi sa iyo ng anumang personal na impormasyon
- Sasabihan kang lumagda sa isang pormularyo na nagbibigay sa amin ng iyong pahintulot na mangalap, itabi at ibahagi ang impormasyong ito sa iba pang mga serbisyo kung aming kailangan.
- Hindi magbibigay ng iyong personal na impormasyon sa iba nang walang pahintulot mo, maliban kung ipinag-uutos ng batas
- Tanging ang mga manggagawa lang na kaugnay sa iyong kaso ang titingin sa iyong impormasyon

Gagamitin lamang namin ang iyong personal na impormasyon upang makatulong sa iyong pabahay.

Maaari naming itanong ang tungkol sa iyong:

- Kita
- Laki ng sambahayan
- Kasalukuyang sitwasyon.

Maaari ka ring hingan ng mga sensitibong impormasyon tulad ng iyong lahi o etnikong pinagmulan.

Gagamitin ang impormasyong ibinigay mo sa amin upang makatulong sa iyong pabahay at mapabuti pa ang aming mga serbisyo.

Hindi namin ibibigay ang iyong personal na impormasyon kanino man nang wala kang pahintulot, maliban kung ipinag-uutos ng batas.

Ang mga serbisyong ito ay maaaring kinabibilangan ng:

- Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao (Pabahay)
- Centrelink
- Australian Institute for Health and Wellbeing
- Tinukoy na mga ahensiyang sumusuporta

Ginagalang ng BeyondHousing ang iyong pagkapribado, dignidad at kultura. Kami ay isang organisasyon na Ligtas sa Bata at lahat ng mga tanggapan ay mapupuntahan ng mga may kapansanan. May makukuha ring mga serbisyo ng interpreter. Lahat ng mga serbisyo ay libre.

Ang mga serbisyong ito ay magbibigay ng impormasyon sa amin tungkol sa iyong kita, kasaysayan sa pabahay atbp. Ang impormasyon ay ibabahagi sa salita at sa sulat.

Ang BeyondHousing ay hindi magbibigay ng iyong mga detalye sa alinmang kumpanya ng marketing.

Ang iyong pahintulot na ibahagi ang iyong impormasyon ay may saysay nang anim na buwan. Maaari mong bawiin ang inyong pahintulot sa anumang oras.

Ang iyong personal na impormasyon ay pangangalagaan ng BeyondHousing.

Lahat ng iyong impormasyon ay protektado ng aming mga sistema ng seguridad at mga kawani ng BeyondHousing na sinanay sa paghawak at pagprotekta ng iyong personal na impormasyon.

Ikaw ay may karapatang makita kung anong impormasyon ang hawak namin tungkol sa iyo. Hilingin sa isang miyembro ng kawani kung gusto mong tingnan ang iyong tala. Kung ang impormasyon ay hindi wasto o wala sa petsa, ikaw ay may karapatang humiling ng pagwawasto.

Kung ikaw ay may mga tanong tungkol sa iyong pagkapribado, mangyaring itanong sa amin.

- Kung may mga tanong ka tungkol sa iyong pagkapribado, mangyaring makipag-usap sa isang miyembro ng kawani
- Kung ikaw ay naniniwala na nilabag namin ang iyong pagkapribado, hilingin na makausap ang isang Tagapamahala
- Kung ikaw ay hindi nasiyahan sa naging tugon, maaari kang magreklamo sa CEO. Sisikapin naming malutas ang iyong reklamo sa loob ng 30 araw
- Kung ikaw ay hindi nasiyahan sa aming tugon, maaari kang maghain ng reklamo sa Komisyoner para sa Pagkapribado at Proteksyon ng Datos sa cpdp.vic.gov.au

Interpreter
ACCREDITED

BEYOND HOUSING

Office hours
Monday to Friday
9am - 5pm

Sumusunod ang BeyondHousing sa Privacy Act (1988) at sa Privacy and Data Protection Act (2014). Kung nais mo ng higit pang impormasyon tungkol sa Pagkapribado tumungo sa cpdp.vic.gov.au. Ang Patakaran sa Pagkapribado ng BeyondHousing ay makukuha mula sa alinmang tanggapan o website ng beyondhousing.org.au.

82 High St
Wodonga
PO Box 761, 3689
(02) 6055 9000

40 - 42 Rowan St
Wangaratta
PO Box 273, 3676
(03) 5722 8000

54 Tallarook St
Seymour
PO Box 839, 3661
(03) 5735 2000

43B Wyndham St
Shepparton, 3630
(03) 5833 1000

For further information

Visit our website
beyondhousing.org.au

Email us
info@beyondhousing.org.au

Follow us
@beyondhousing